

Kapani-paniwala ba ang Kwento ng Paglalang sa Salita ng Diyos

Kabanata 4

Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 4



Layunin: Upang maunawaan kung ano ang kaugnayan nang kwento ng paglalang at siyensiya sa isa't-isa.



Nang pasimula nilikha ng Diyos ang langit at lupa.

—Genesis 1:1

Mayroong dalawang matinding pananaw sa paksang “paglalang”. Ang unang matinding pananaw ay ang paniniwalang ang kuwento ng paglalang sa Genesis ay walang matibay na siyentipikong pamantayan, samakatuwid and Biblia ay hindi maaring taggapin bilang makatotohanan o kinasihan ng Diyos. Ang pangalawang matinding pananaw ay nagsasabing ang siyensiya ay hindi maaasahan kapag ito ay di akma sa ating interpretasyon ng kuwento ng Genesis. Ngunit ang tunay na tanong ay kung ang Biblia at ang siyensiya ay magka-tugma? Ang Biblia ay hindi isang aklat-aralin sa siyensiya kundi ito ay aklat aralin sa kaligtasan. Ito ay gumamit ng kakaunti sa dalawang kabanata mula sa 1,189 kabanata upang ikuwento sa atin paano nagsimula ang mundo.

Dapat nating maunawaan na ang Diyos ay hindi maaaring ikumpara sa siyentipikong pag-aaral. Hindi siya puwedeng gamiting sukatan o katunayan. Hindi tinatalakay ng siyensiya ang pananampalataya. Hindi maaaring patunayan ng siyensiya na mayroon o walang Diyos.

Maraming mga bagay na magkasang-ayon ang Biblia at ang siyensiya. Halimbawa, naniniwala ang mga siyentipiko na minsan ang buong mundo ay napailalim sa tubig, at ito nga ang sinasabi ng Genesis. Naniniwala ang mga siyentipiko na ang mga hayop ay nagsimula sa tubig, at ito nga ang sinabi ng Biblia.

Ang ibig sabihin ng salitang "bara" sa Hebreo ay "lumikha mula sa wala." Ang salitang ito ay ginamit lamang ng tatlong beses sa Genesis tungkol sa paglikha. Sa ibang mga pagkakataon ang salitang ginamit ay "lumikha" o "gumawa," nagmula ito sa ibang mga salita sa Hebreo na nagpapahiwatig na gumamit ng isang bagay na mayroon na at ito ay inayos ang porma. Ang salitang "bara" ay ginamit upang ipaliwanag ang paglikha ng Diyos mula sa simula (talatang 1) noong likhain niya ang lahat ng bagay at enerhiya; noong likhain ng Diyos ang mga hayop (Talatang 21); at ng likhain ng Diyos ang tao (talatang 27). Sa tatlong beses na paglikha ng Diyos mula sa wala ay sa tatlong beses din naman na mayroong "missing links" ang siyensiya. Hindi kayang ipaliwanag ng mga Evolutionists paano nagsimula ang lahat; hindi nila kayang ipaliwanag paano ang halaman ay naging hayop; hindi nila kayang ipaliwanag paano ang hayop

ay naging tao. Ipinaliwanag ng Genesis ang tatlong bagay na ito sa pamamagitan ng salitang "bara" - "lumikha ang Diyos."



Piliin ang tamang sagot malibang bigyan ng ibang paraan ng pagsagot:

1. Tama o **Mali**? Kailangan ng Diyos ipaliwanag sa atin kung paano Niya nilkha ang lahat ng bagay.
2. **Tama** o Mali? Ang siyensya ay pag-aaral ng mga data o kababalaghan na ginagawa sa pamamagitan ng obserbasyon at pagsukat o ebidensya.
3. Maari bang patunayan ang Diyos sa siyentipikong pamamaraan? **Hindi**
4. Markahan ng check ang mga bagay na tinutuon ng pansin ng Biblia at bilugan naman ang bagay na tinutuon ng pansin ng siyensya.
 - a. data
 - b. pananampalataya ✓
 - c. pahayag ✓
 - d. kapansinpansin na ebidensya
 - e. teholohiya ✓
 - f. eksperimento
 - g. karanasan ✓
 - h. higit sa karaniwan ✓
 - i. natural
5. Paano natin dapat lapitan ang Diyos? **Pananampalataya** (tingnan Hebreo 11:1)
6. Ayon sa Genesis 1 at 2 alin ang nauna sa paglikha? (Iakma ang mga sumusunod ayon sa pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng pag-guhit ng linya)

a. ang tao	→	i. Una
b. ang hayop	→	ii. Pangalawa
c. ang halaman	→	iii. Pangatlo
7. **Tama** o Mali? Hindi layunin ng Biblia na bigyan tayo ng siyentipikong mga kasagutan kundi sabihin sa sangkatauhan ang planong pagtubos ng Diyos.



Ano ang mga magkatugmang paliwanag sa paglikha sa pagitan ng siyensya at Bibla?

Ano sa palagay mo bakit hindi ipinaliwanag ng detalye ng Diyos ang tungkol sa paglikha sa Genesis?

Bakit sa palagay mo na ang modernong tao ay pinipilit na ipaliwanag ang pasimula ng mundo at ang tao na walang manlilikha?



Purihin ang Diyos sa kanyang kamangha-manghang paglalang, awa, at biyaya. Hingin sa Kanya na bigyan Ka niya ng lakas ng pananampalataya at ipakita sa iyo kung ano ang Kanyang plano sa iyo sa pag-aaral na ito at sa iyong buhay. Pagkatapos ay hingin sa Kanya na bigyan ka Niya ng lakas ng loob na sumunod.



Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit dalawang kabanata lamang ang ibinigay ng Diyos sa atin tungkol sa paksang paglalang, bagama't mayroong 1,189 kabanata sa Biblia?

2. Ano ang halaga ng tatlong lugar kung saan ang ebolusyon ay mayroong nawawalang dugtong, at ang kuwento sa pagkalikha ay ginagamit ang salitang "bara" sa tatlong lugar na ito?

3. Habang ating isinasa alang-alang kung paano nagsimula ang lahat at ang "malaking pagputok" (Big Bang Theory) na paniniwala ng siyensya, madali bang maniwala sa malaking Diyos o sa malaking pagputok (Big Bang Theory)?

4. Alin sa mga paraan sa kuwento ng Genesis sa paglikha ang sumasang-ayon sa siyensya?

5. Ano ang pangunahing salungat sa gitna ng siyensya at ang kuwento ng Genesis sa paglikha?

6. Ipaliwanag kung bakit ang paksang Diyos at espirituwal na mga bagay ay hindi umaakma sa disiplina ng siyensya. (Tignan ang Juan 4:24)

7. Bakit sinabi sa atin ng Diyos ang tungkol sa paglikha? (Tignan ang Salmo 51:10; 2 Corinto 5:17)
